bawa't titik; dugo't luha, bawa't dahon; sulo't tanglaw!
Itaas mo ang kamay mo sa lawak nang kalangitan,
at baka ang kanyang tabak, ilaglag sa iyong kamay...

At kung laging nangaapi ang dayuhang mapangahas,
abutan mo nitong salin ng buhay na nasa aklat,
Dito nila mababasang tayo'y mayroong Balintawak,
at dugo ni Bonifacio ang apoy sa ating ugat.

JOSE CORAZON DE JESUS

July 19, 1931

PAGHAHANDOG

Sa mahal na kaibigang
Dr. Leandro H. Fernandez,
pangunang mananalaysay
na pilipinong nabubuhay.



PROCOPIO BONIFACIO
Kapatid ng Supremo
ng Katipunan

Paunawa

Ito ang aking ikaapat na akda na nauukol sa kabuhayan ni Andres Bonifacio. Ang una’y ang akdang ANG MAHIWAGANG PAGKAPATAY KAY ANDRES BONIFACIO na sipi sa mga ulat ni Mabini at sa isang aklat ni Heneral Ricarte, pangalawa ang kalilimbag lamang na MGA KASULATANG LUMILIWANAG SA PAGKAKAPATAY KAY ANDRES BONIFACIO, sumunod ay ang hindi pa nalilimbag na ANG SIGALOT NI BONIFACIO AT NI AGUINALDO na may Paunang Salita ni Heneral Artemio Ricarte Vibora, at ikapat nga itong SI ANDRES BONIFACIO AT ANG HIMAGSIKAN.

Sa ANG SIGALOT NI BONIFACIO AT NI AGUINALDO ay inilakip ko ang lahat ng mga kasulatang may kinalaman sa naging sanhi ng pagkakapatay sa Dakilang Supremo, mga kasulatang hindi pa nangapapahayag at aring sarili ng sumulat ng kasaysayang ito. Marahil, hindi sa anomang pagmamangyay, ang naturang akda ang masasabing siyang lalong ganap at lipos ng lalong mahahalagang kasulatan ukol sa naging puno’t dulo ng sigalot ni Bonifacio at ni Aguinaldo na humantong sa mapait na kamatayan ng nagtatag ng Katipunan. At sapagka’t nauukol lamang yaon sa masuliraning sigalot ni Bonifacio at ni Aguinaldo kaya’t sinulat ko naman ang kasaysayang ito na siya namang kababasaan ng kabuhayan at mga mahahalagang ginawa ng Supremo, ukol sa kapakanan ng Katipunan at ng Himagsikan.

Ang huling akdang ito na nauna pang nalimbag sa ANG SIGALOT NI BONIFACIO AT NI AGUINALDO at ngayo’y malugod na inihahandog ko sa lahat, lalung-lalo na sa ating mga kabataan, ay inaasahan kong sa nilalaman at hindi sa ayos at paraan ng pagkakasulat uuriin ng matalinong bumabasa. Pagkatapos ay saka na natin isunod naman ang kasaysayan ng sigalot nila ni Aguinaldo na lipos ng mga kagila-gilalas na ulat at mga kasulatang hindi pa nangapapahayag na kung malathala na ay siyang hahawi sa makapal na ulap na nakatatabing sa ipinalalagay na mahiwagang pagkamatay ni Andres Bonifacio.

JOSE P. SANTOS

Gerona, Tarlak

Si Andres Bonifacio at ang Himagsikan

Si Andres Bonifacio, ang kinikilalang Ama ng Demokrasya at ng Himagsikan sa Pilipinas ay ipinanganak sa Tundo, Maynila, noong ika-30 ng Nobyembre ng 1863. Ang mga magulang niya ay sina Santiago Bonifacio at Catalina de Castro. Noong ika-2 ng Disyembre, 1863, ay bininyagan siya ng klerigo-presbitero sa Tundo na si P. Saturnino Buntan. Naging inaama si Vicente Molina.

Sa mga nagsilabas at napalathalang biograpiya ni Andres Bonifacio ay sinasabing lima lamang silang magkakapatid, at sa limang iyan ay iisa raw ang babae na hindi pa tumpak ang pagkakasulat ng pangalan. Nguni't sa pagsusuring ginawa namin ay aming nabatid na sila'y anim na magkakapatid at hindi lima. Sa anim na iyan ay dalawa ang babae, si Espiridiona, hindi Petrona na gaya ng sinasabi ng maraming kasaysayan, at Maxima. Ang matanda sa lahat ay ang Andres, sumusunod ang Ciriaco, pangatlo ang Procopio, pang-apat ang Espiridiona, ikalima ang Troadio at bunso ang Maxima.

Ang Espiridiona na naging may-bahay ng bayaning Teodoro Plata, isa sa bumubuo ng unang triangulo ng Katipunan at naging Ministro de Guerra ng pamahalaan ni Andres Bonifacio ay buhay pa. Ang Troadio ay siyang hindi matiyak kung buhay pa o patay na, at mga huling balita ang nagsasabing naninirahan daw sa Makaw at kaya ayaw umuwi rito ay sapagka't hindi niya matitiis na di ipaghighanti ang nangyari sa kanyang tatlong kapatid na ang dalawa (Andres at Procopio) ay pinatay sa Bundok Buntis at ang isa naman, ang Ciriaco, ay napatay sa Limbon, sa pakikilaban sa mga kawal na dumarakip. Ang Troadio ay dating marino sa sasakyang kastilang “Reina Maria Cristina” na pinalubog sa look ng Maynila ng mga pandigmang amerikano.

Si Andres Bonifacio ay nag-aral ng mga unang titik ng Abakada sa paaralang pinamamahalaan ni Don Guillermo Osmeña sa Sugbu, na nasa purok ng Meisik, Maynila, nguni't ito'y napatigil dahil sa pagka-ulila niya sa gulang na labing-apat na taon lamang. Noon ay marunong na siyang bumasa at sumulat ng tagalog at kastila.

Ang pagtitinda ng mga tungkod at abanikong papel na ginagawa nila sa loob ng pamamahay ay siyang ikinabuhay nilang magkakapatid. Hindi malaon ay naging mensahero siya sa bahay kalakal ni Fleming at pagkatapos ay naging taga-paglako o ahente sa pagbibili ng yantok, sahing at ibp.

Makaraan ang ilang araw ay naging kawani siya sa bahay-kalakal nina Fressell at Ka., na may tanggapan sa daang Nueva, blg. 450, Maynila. Gayon man ay patuloy rin sila sa pag-tinda ng mga tungkod at abanikong papel na siyang nakatutulong ng malaki sa kabuhayan nilang magkakapatid, pagka't ang munting sahod ni Andres Bonifacio na umaabot lamang sa 12 piso isang buwan ay kapos na kapos sa kanila. Naging hanap-buhay rin ni Andres Bonifacio ang paggawa ng mga patalastas at panatak sa mga damit na ipinagbibili rito sa atin, dahil sa kanyang maayos at magandang titik sa pagsulat.

Ang malaking hilig sa pagbabasa ni Andres Bonifacio ay pinatutunayan ng mga naging kasama niya sa pag-aaral. Madalas ay hinahatinggabi siya sa pagbabasa ng mga aklat na ang karamiha'y nauukol sa mga himagsikan. Sa mga aklat ni Andres Bonifacio na nakasalansan sa kanyang maliit na aklatan ay kabilang itong mga sumusunod:

VIDA DE LOS PRESIDENTES DE LOS ESTADOS UNIDOS
HISTORIA DE LA REVOLUCION FRANCESA
LA SOLIDARIDAD
NOLI ME TANGERE
EL FILIBUSTERISMO
DERECHO INTERNACIONAL
CODIGO CIVIL
CODIGO PENAL
RUINAS DE PALMIRA
LA RELIGION AL ALCANCE DE TODOS

BIBLIA
LOS MISERABLES
JUDIO ERRANTE

At marami pang mga aklat at nobela na akda ng mga kilalang mangangatha sa Europa at ng mag-amang Alejandro Dumas. Ang JUDIO ERRANTE ni Eugenio Sue ay siyang lalong kinagigiliwang basahin ni Andres Bonifacio, ayon sa kay Dr. Pio Valenzuela.

Isa sa mga katangian ni Andres Bonifacio ay ang likas na pamimitagan sa mga babae. Naniniwala siyang ang mag-samantala rito ay para na ring nagsamantala sa kanyang Ina, kaya't iilan lamang ang kanyang niligawan at pinakisamahan.

Ang unang niligawan ni Andres Bonifacio ay isang babaeng nagngangalang Monika at taga Palomar, Tundo, na ayon sa mga nakakikilala ay may katutubong kagandahan din naman. Nagkaibigan sila at nagsamang parang tunay na mag-asawa. Si Monika ay namatay sa sakit na ketong. Nagkaroon dito ng tatlong anak si Andres Bonifacio na hindi naman malaman kung buhay pa o patay na.

Ang ikalawang kinasama at pinakasalan ni Andres Bonifacio ay nagngangalang Dorotea Tayson. Ito ay hindi rin nababanggit sa mga kasaysayan niyang nagsilabas na. Nang mamatay ito ay napakasal uli kay Gregoria de Jesus na siyang nakasama niya sa pamumundok at nakahati sa mga kahirapan. Upang lalong maging matibay ang tali ng pag-iibigan nila ay napakasal ng kasal-katipunan na siyang tanging kasal na ginanap nang naaalinsunod sa mga tuntunin ng samahan ng K.K.K.N.M.A.N.B. At sapagka't si Andres Bonifacio ay tinatawag na Supremo kaya ang asawa naman nito ay tinagurian nila ng LAKAMBINI na ikinakapit lamang sa mga Diyosa noong unang panahon.

Ayon sa patunay ni Ginang Gregoria de Jesus, ngayo'y may-bahay ni G. Julio Nakpil, at siyang naging karamay-damay ni Andres Bonifacio hanggang sa lalong malalaking kapanganiban, ito'y hindi niya nakaalit kailan man at hindi rin nagdulot sa kanya ng anomang bagay na isasama ng kanyang loob.



ESPIRIDIONA BONIFACIO
Kapatid ni Andres Bonifacio

Nagkaroon sila ng mahusay na pagsasama na habang lumalaon ay lalong nagiging matamis at kagiliwigiliw.

Bago nangyari ang himagsikan, ang Ciriaco na siyang sumusunod sa Andres ay naging konduktor ng tren at ang Procopio ay naging “factor” naman sa himpilan ng Perokaril sa Tutuban. Ang pagkakapasok nila roon upang maging konduktor ang Ciriaco at “factor” ang Procopio ay utang sa Andres na may malapad na “papel” sa kanyang pinapasukang Fressell & Co., na siyang nagbigay ng rekomendasyon upang maipasok ang dalawang kapatid na ito ng Andres sa himpilan ng Perokaril sa Tutuban.

Noong 1894 o 1895, si Andres Bonifacio ay nagtungo sa Libog, Albay, kasama ang mananaysay na amerikanong si John Foreman na isa sa kanyang matalik na kaibigan at kapalagayang loob. Sinasabi ni Dr. Jose P. Bantug na siya kong pinagkakautangan ng mga ulat na ito, na si Andres Bonifacio ay nagkaroon doon ng kasintahan na nagngangalang Genoveva Bololoy at dito’y nagkaroon siya ng isang anak na babae na pinanganlang Francisca. Nang makilala ni Andres Bonifacio si Genoveva ay tumutuntong lamang ito (ang babae) sa gulang na 22 taon. Maging ang ina at ang anak ay kapuwa buhay pa, ayon kay Dr. Bantug. Si Francisca ay naninirahan ngayon sa Irosin, Sorsogon at makalawang magkaasawa, ang una’y namatay at nagyo’y muling napakasal kay Roman Balmes.

Sa tulong ng isang bahagi ng pinanalunan sa loterya nina Francisco Castillo at Camilo Iban na kapuwa naging mang-hihimagsik sa amuki ni Andres Bonifacio, ang Katipunan ay nagkaroon ng sariling limbagan. Dito nilimbag ang KALAYAAN at ang iba pang mga pamahayag. Dalawang mahuhusay na akda ni Andres Bonifacio, isang tuluyan at isang tula, ang napalathala sa pahayagang KALAYAAN, nguni’t dahil nga sa kahigpitan ng mga kastila, gaya ng sinabi ko na, ay iilang sipi lamang ang kumalat sa unang bilang at ang ikalawang bilang ay nasamsam na lahat ng mga may kapangyarihang kastila.

Gaya ng ibang sinulat ni Andres Bonifacio, ang dalawang akdang iyon ay nagkaroon ng salin sa kastila at ingles. Ang sa kastila ay kay Epifanio de los Santos Cristobal at ang sa ingles na hinango naman sa kastila ay kay Mr. Leo Fischer. Kapuwa masasabing hindi pa napapalathala ang mga orihinal ng mga akdang iyan ngayon kaya’t minabuti kong ilakip sa

kasaysayang ito upang maipakilalang ang ating bayani ay nag-tataglay rin naman ng malaking katangian sa pagka-manunulat at pagkamakata. Si Andres Bonifacio ay mabuti ring tagapagsalin sa wikang tagalog, gaya ng ginawa niyang pagsasalin sa tagalog ng bantog na Huling Paalam ni Dr. Jose P. Rizal. Narito ang dalawang akda niyang ngayon pa lamang lubusang mapapahayag:

ANG DAPAT MABATID NG MGA TAGALOG

Ytong katagalugan na pinamamahalaan ng unang panahon ng ating tunay na mga kababayan niyaong hindi pa tumutungtong sa mga lupaing ito ang mga kastila ay nabubuhay sa lubos na kasaganaan, at kaguinhawahan. Kasundo niya ang mga kapit bayan at lalung lalo na ang mga taga Japon sila'y kabilihan at kapalitan ng mga kalakal malabis ang pag yabong ng lahat ng pinagkakakitaan, kaya't dahil dito'y mayaman mahal ang kaasalan ng lahat, bata't matanda at sampung mga babae ay marunong bumasa at sumulat ng talagang pagsulat nating mga tagalog. Dumating ang mga kastila at dumulog na nakipagkaibigan. Sa mabuti nilang hikaya't na di umano, tayo'y aakain sa lalung kagalingan at lalung imumulat ang ating kaisipan, ang nasabing nagsisipamahala ay ng yaring nalamuyot sa tamis ng kanilang dila sa paghibo. Gayon man sila'y ipinailalim sa talagang kaugalian ng mga tagalog na sinaksihan at pinapagtibay ang kanilang pinagkayarian sa pamamaguitan ng isang panunumpa na kumuha ng kaunting dugo sa kanikanilang mga ugat, at yao'y inihalu't ininom nila kapua tanda ng tunay at lubos na pagtatapat na di mag tataksil sa pinagkayarian. Ytoy siang tinatawag na "Pacto de Sangre" ng haring Sikatuna at ni Legaspi na pinaka katawan ng hari ng España.

Buhat ng ito'y mangyari ay bumibilang na ngayon sa tatlong daang taon mahiguit na ang lahi ni Legaspi ay ating binubuhay sa lubos na kasaganaan, ating pinagtatamasa at binubusog, kahit abutin natin ang kasalatan at kadayukdukan; iguinugugol natin ang yaman dugo at sampu ng buhay sa pagtatangol sa kanila; kinakahamok natin sampu ng tunay na mga kababayan na ayaw pumayag na sa kanilay pasakop, at gayon din naman nakipagbaka tayo sa mga Ynsik at taga Holanda na nagbalang umagaw sa kanila nitong katagalugan.

Ngayon sa lahat ng ito'y ano ang sa mga gumawa nating paggugugol nakikitang kaguinhawahang ibinigay sa ating Bayan? Ano ang nakikita nating pagtupad sa kanilang kapangakuan na siang naging dahil ng ating pag gugugol! Wala kung di pawang kataksilan ang ganti sa ating mga pagpapala at mga pagtupad sa kanilang ipinangakung tayo'y lalung guiguisingin sa kagalingan ay ang bagkus tayong binulag, inihawa tayo sa kanilang hamak na asal, pinilit na sinira ang mahal at magandang ugali ng ating Bayan; Yminulat tayo sa isang maling pagsampalataya at isinadlak sa lubak ng kasamaan ang kapurihan ng ating Bayan; at kung tayo'y mangahas humingi ng kahit gabahid na lingap, ang naguiguig kasagutan ay ang tayo'y itapon at ilayo sa piling ng ating minamahal na anak, asawa at matandang magulang. Ang bawat isang himutok na pumulas sa ating dibdib ay itinuturing na isang malaking pagkakasala at karakarakang nilalapatang ng sa hayop na kabangisan.

Ngayon wala ng maituturing na kapanatagan sa ating pamamayan; ngayon lagui ng guinagambala ang ating katahimikan ng umaalingawngaw na daing at pananambitan bunton hininga at hinagpis ng makapal na ulila, bao't mga magulang ng mga kababayang ipinanganyaya ng mga manlulupig na kastila; ngayon tayo'y malulunod na sa nagbabahang luha ng Yna na nakitil na buhay ng anak sa pananangis ng sanggol na pinangulila ng kalupitan na ang bawat patak ay katulad ng isang kumukulong tinga, na sumasalang sa mahapding sugat ng ating pusong nagdaramdam; ngayon lalut lalu tayong na bibilibiran ng tanikala ng pagkaalipin, tanikalang nakalalait sa bawat lalaking may iniingatang kapurihan. Ano ang nararapat nating gawin? Ang araw ng katuiran na sumisikat sa Silanganan, ay malinaw na itinuturo sa ating mga matang malaong nabulagan ang landas na dapat nating tunguhin, ang liwanag niya'y tanaw sa ating mga mata, ang kukong nag akma ng kamatayang alay sa ating ng mga ganid na asal. Ytinuturo ng katuiran, na wala tayong iba pang maaantay kundi lalut lalung kahirapan, lalut lalung kataksilan, lalut lalung kaalipustaan at lalut lalung kaalipinan. Ytinuturo ng katuiran, na huag nating sayangin ang panahon sa pagasa sa ipinangakong kaguinhawahang na hindi darating at hindi mangyayari. Ytinuturo ng katuiran ang tayo'y umasa sa ating sarili at huag antain sa iba ang ating kabuhayan. Itinuturo ng katuiran ang tayo'y mag kaisang loob magka isang isip at akala at ng tayo'y magkalakas na maihanap ang naghaharing kasamaan sa ating Bayan.

Panahun na ngayong dapat na lumitaw ang liwanag ng katotohanan; panahun ng dapat nating ipakilala na tayo’y may sariling pagdaramdan, may puri, may hiya at pagdadamayan. Ngayon panahun ng dapat simulan ang pagsisiwalat ng mga mahal at dakilang aral na magwawasak sa masinsing tabing na bumubulag sa ating kaisipan; panahun na ngayong dapat makilala ng mga tagalog ang pinagbuhatan ng kanilang mga kahirapan. Araw na itong dapat kilalanin na sa bawat isang hakbang natin ay tumutuntong tayo at nabibingit sa malalim na hukay ng kamatayan na sa ati’y inuumang ng mga kaaway.

Kaya! oh mga kababayan! ating idilat ang bulag na kaisipan at kusang igugol sa kagalingan ang ating lakas sa tunay at lubos na pag asa na mag tagumpay sa nilalayong kaguinhawahan ng bayang tinubuan.

Pagibig Sa Tinubuang Bayan

Alin pag ibig pa ang hihigit kaya
sa pagka dalisay at pagkadakila
gaya ng pag ibig sa tinubuang lupa?
alin pag ibig pa? wala na nga, wala.

Ulitulitin mang basahin ng isip
at isa isahing talastasing pilit
ang salitat buhay na limbag at titik
ng sang katauhan itoy namamasid.

iBanal na pag ibig! Pag ikaw ang nukal
sa tapat na puso ng sino't alin man
imbit taong gubat maralitat mang mang
naguiguing dakila at iguinagalang.

Pagpupuring lubos ang palaguing hangad
sa bayan ng taong may dangal na ingat
Umawit tumula kumathat sumulat
kalakhan din nia'y isinisiwalat.

Walang mahalagang hindi inihandog
ng may pusong mahal sa Bayang nagkukup
dugo yaman dunong katiisat pagod
buhay may abuting magkalagot lagot.

Bakit? Alin ito na sakdal ng laki
na hinahandugan ng boong pag kasi
na sa lalung mahal na kapangyayari
at guinugugulan ng buhay na iwi.

Ay! itoy ang Ynang bayang tinubuan
siya'y inat tangi na kinamulatan
ng kawiliwiling liwanag ng araw
na nagbigay init sa lunong katawan.

Sa kania'y utang ang unang pagtanggap
ng simuy ng hanging nagbibigay lunas
sa inis na puso na sisingapsingap
sa balong malalim ng siphayo't hirap.

Kalakip din nitoy pag ibig sa Bayan
ang lahat ng lalung sa gunitay mahal
mula sa masaya't gasong kasangulan
hangang sa kataway mapa sa libingan.

Ang nanga karaang panahun ng aliw
ang inaasahang araw na darating
ng pagkatimawa ng mga alipin
liban pa sa bayan saan tatanghalin?

At ang balang kahuy at ang balang sanga
ng parang nia't gubat na kaaya aya
sukat ang makitat sa sa ala ala
ang inat ang guiliw lumipas na saya.

Tubig niyang malinaw na anaki'y bubog
bukal sa batisang nagkalat sa bundok
malambut na huni ng matuling agos
na naka a aliw sa pusong may lungkot.

Sa aba ng abang mawalay sa Bayan!
gunita may laguing sakbibi ng lumbay
walang ala alat inaasam asam
kung di ang makita'y lupang tinubuan.

Pati ng magdusat sampung kamatayan
wari ay masarap kung dahil sa Bayan

at lalung maghirap ioh himalang bagay
lalung pag irog pa ang sa kaniay alay.

Kung ang bayang ito'y nasasa panganib
at sia ay dapat na ipagtangkilik
ang anak, asawa, magulang at kapatid
isang tawag niay tatalikdang pilit.

Dapat kung ang bayan ng katagalugan
ay linalapastangan at niyuyurakan
katuiran puri niyat kamahalan
ng sama ng lilong taga ibang bayan.

Di gaano kaya ang paghihinagpis
ng pusong tagalog sa puring nalait?
at alin kalooban na lalong tahimik
ang di pupukawin sa panghihimagsik?

Saan magbubuhay ang paghihinay (?)
sa paghihigantit gumugol ng buhay
kung wala ding iba na kasasadlakan
kung di ang lugami sa kaalipinan?

Kung ang pagka baun niyat pagka busabos
sa lusak ng dayat tunay na pag ayop
supil ang pang hampas tanikalang gapos
at luha na lamang ang pina a agos.

Sa kaniang anyo'y sino ang tutunghay
na di aakain sa gawang mag damdam
pusong naglilipak sa pagkasukaban
ang hindi gumugol ng dugo at buhay.

Mangyayari kaya na itoy malangap
ng mga tagalog at hindi lumingap
sa naghihingalong Ynang na sa yapak
na kasuklamsuklam sa kastilang hamak.

Nasaan ang dangal ng mga tagalog
nasaan ang dugong dapat na ibuhos?
baya'y inaapi bakit di kumilos?
at natitilihang itoy mapanood.

Hayo na nga kayo, kayong nanga buhay
sa pag asang lubos ng kaguinhawahan
at walang tinamo kundi kapaitan
hayo nat ibiguin ang naabang bayan.

Kayong natuyan na sa kapapasakit
ng dakilang hangad sa batis ng dibdib
muling pabalungit tunay na pag ibig
kusang ibulalas sa bayang piniit.

Kayong nalagasan ng bungat bulaklak
kahuy niaring buhay na nilantat sukat
ng balabalakit makapal na hirap
muling manariwat sa baya'y lumiyag.

Kayong mga pusong kusang (???)
ng daya at bagsik ng ganid na asal
ngayon ay magbangu't baya'y itangkakal
agawin sa kuko ng mga sukaban.

Kayong mga dukhang walang tanging (????)
kundi ang mabuhay sa dalitat hirap
ampunin ang bayan kung nasa ay lunas
pagkat ang guinhawa niya ay sa lahat.

Ypahandog handog ang boong pag ibig
Hangang sa may dugo'y ubusing itiguis
Kung sa pagtatangol buhay ay (???)
itoy kapalaran at tunay na langit.

Ang dalawang akdang iyan ni Andres Bonifacio ay sinipi ko ng walang anumang pagbabago, maging sa ayos at paraan ng pagkakasulat. Ang mga bahaging hindi na mabasa ay nilagyan ko ng tandang (???) at bahala nang magpuno ang wastong pangwari ng mga mambabasa.

Ang huling paalam ni Dr. Jose P. Rizal na tinagalog ni Andres Bonifacio ay hindi lamang makasampu nang mapalathala sa mga pahayagan at rebista. Gayon man ay sisipiin kong muli ngayon upang hanggang maaari ay mapagsamasama natin ang kanyang mga sinulat.

Huling Paalam ni Dr. Jose P. Rizal

Pinipintuho kong Bayan ay paalam
lupang iniilog ng sikat ng araw,
mutyang mahalaga sa dagat Silangan
kaluwalhatian sa ami'y pumanaw.

Masayang sa iyo'y aking idudulot
ang lanta kong buhay na lubhang malungkot;
maging maringal man at labis alindog
sa kagalingan mo ay aking ding handog.

Sa pakikidigma at pamimiyapis
ang alay ng iba'y ang buhay na kipkip
walang agam-agam, maluwig sa dibdib
matamis sa puso at di ikahapis.

Saan man mautas ay di kailangan,
cipres o laurel, lirio ma'y putungan
pakikipaghamok at ang bibitayan
yaon ay gayon din kung hiling ng Bayan.

Ako'y mamamatay ngayong namamalas
na sa kasilanganan ay namamanaag
yaong maligayang araw na sisikat
sa likod ng luksang nagtabing na ulap.

Ang kulay na pula kung kinakailangan
na maitina sa iyong liwayway,
dugo ko'y isabog at siyang ikinang
ng kislap ng iyong maningning na ilaw.

Ang aking adhika sapul magkaisip
ng kasalukuyang bata pang maliit,
ay ang tanghaling ka at minsang masilip
sa dagat Silangan hiyas na marikit.

Natuyo ang luhang sa mata'y nunukal,
taas na ang noo't walang kapootan,
walang bakas kunot ng kapighatian
gabahid man dungis niyang kahihyan.

Sa kabuhayang ko ang laging gunita
maningas na aking ninanasa-nasa
ay guminhawa ka ang hiyaw ng diwa
pag hingang papanaw ngayong biglang bigla.

Ikaw'y guminhawa laking kagandahang
ako'y malugmok, at ikaw ay matanghal,
hininga'y malagot, mabuhay ka lamang
bangkay ko'y masilong sa iyong kalangitan.

Kung sa libingang ko'y tumubong mamalas
sa malagong damo mahinhing bulaklak,
sa mga labi mo'y mangyaring ilapat,
sa kaluluwa ko halik ay igawad.

At sa aking noo nawa'y iparamdam,
sa lamig ng lupa ng aking libingan,
ang init ng iyong pag hingang dalisay
at simoy ng iyong pag giliw na tunay.

Bayaang ang buwan sa aki'y ititig
ang liwanag niyang lamlam at tahimik,
liwayway bayaang sa aki'y ihatid
magalaw na sinag at hanging hagibis.

Kung sakasakaling bumabang humantong
sa kruz ko'y dumapo kahit isang ibong

doon ay bayaang humuning hinahon
at dalitin niya payapang panahon.

Bayaan ang ningas ng sikat ng araw
ula'y pasingawin noong kainitan,
magbalik sa langit ng boong dalisay
kalakip ng aking pagdaing na hiyaw.

Bayaang sinoman sa katotong giliw,
tangisan maagang sa buhay pagkitil;
kung tungkol sa akin ay may manalangin
idalangin Bayan yaring pagka himbing.

Idalanging lahat yaong nangamatay,
nangagtiis hirap na walang kapalaran
mga ina naming walang kapalaran
na inahihibik ay kapighatian.

Ang mga bao't pinapangulila,
ang mga bilanggong nagsisipagdusa,
dalanginin namang kanilang makita
ang kalayaan mong ikagiginhawa.

At kung sa madilim na gabing mapanglaw
ay lumaganap na doon sa libinga't
tanging mga patay ang nangaglalamay,
huag bagabagin ang katahimikan.

Ang kanyang hiwaga'y huag gambalain
kaipala'y maringig doon ang taginting,
tunog ng gitara't salterio'y magsaliw,
ako, Bayan, yao't kitay aawitin.

Kung ang libingan ko'y limot na ng lahat
at wala ng kruz at batong mabakas,
bayaang linangin ng taong masipag
lupa'y asarolin at kanyang ikalat.

Ang mga buto ko ay bago matunaw
mauwi sa wala at kusang maparam,
alabok ng iyong latak ay bayaang
siya ang babalang doo'y makipisan.

Kung magka gayon na'y aalintanahin
na ako sa limot iyong ihabilin
pagka't himpapawid at ang panganorin
mga lansangan mo'y aking lilibutin.

Matining na tunog ako sa dingig mo,
ilaw, mga kulay, masamyong pabango,
ang ugong at awit, pag hibik sa iyo,
pag asang dalisay ng pananalig ko.

Bayang iniirong, sakit niyaring hirap,
Katagalugang kong pinakaliliyag,
dinggin mo ang aking pagpapahimakas;
diya'y iiwan ko sa iyo ang lahat.

Ako'y patutungo sa walang busabos,
walang umiinis at verdugong hayop;
Pananalig doo'y di nakasasalot,
si Bathala lamang doo'y haring lubos.

Paalam, magulang at mga kapatid
kapilas ng aking kaluluwa't dibdib
mga kaibigan bata pang maliit
sa aking tahanan di na masisilip.

Pag pasalamatan at napahinga rin,
Paalam estranherang kasuyo ko't aliw,
paalam sa inyo mga ginigiliw,
mamatay ay siyang pagkagupiling!

Hindi mapag-aalinlanganan na ang pinagkakautangan ng madaling paglaganap ng Katipunan at ng paghihimagsik ay ang pahayagang KALAYAAN na siyang naging tagapamansag nila. Ang unang bilang na lumabas noong ika-1 ng Enero ng 1896 ay nagkaroon ng isang libong sipi at ipinamamahagi sa ganitong paraan: 200 sa Kabite, 100 sa Bulakan at 700 sa Maynila at Morong (ngayo'y lalawigan ng Rizal). Ang ika-lawang bilang na nagkaroon naman ng 2000 sipi ay hindi na naipangalat pagkat natutop ng mga may kapangyarihang kastila. Sumulat sa pahayagang ito sina Andres Bonifacio at Dr. Pio Valenzuela at ang naging Tagapamahala ay ang Utak ng Himagsikan na si Emilio Jacinto.

Upang mapaglalaman ang mga kastila, ang ginawa ni Emilio Jacinto ay inilagay na sa Yokohama, Hapon, nililimbag ang pahayagang ito at ang pangalang nakalagay naman, bilang Tagapamatnugot, ay ang kay Marcelo H. del Pilar, na ang totoo'y hindi naman kaalam nila sa pagpapalabas ng nasabing pahayagan. Ang lumilimbag naman nito ay sina Faustino Duque, buhay pa, at Ulpiano Fernandez, patay na. Hinggil sa pagkakatatag ng Katipunan na itinatag ni Andres Bonifacio, at siyang naglathala ng pahayagang KALAYAAN ay may iba't-ibang palagay. Sina Jose Dizon at Dr. Pio Valenzuela ay nagsasabing itinatag ito noong ika-7 ng Hulio ng 1892, nguni't ang kamamatay na katipunerong si Ladislao Diwa, sa isang talang ipinagkaloob sa akin ay sinasabi ang ganito:

Noong gabi ng ika-6 ng Hulio ng 1892, sa madaling sabi ay kinagabihan ng dakpin si Dr. Jose Rizal, ay itinatag namin ni Andres Bonifacio at Teodoro Plata ang Katipunan sa isa sa mga bahay sa daang Dalmacio, ngayo'y tinatawag na Elcano at may bilang 734. Ang paraan naman namin noon sa pagpapalaganap ay sa pamamagitan ng trianggulo. Si Andres Bonifacio ay siyang nag-inisya at kumuha kina Ciriaco Bonifacio, kapatid niya, at Restituto Javier, ako naman ay siyang kumuha kina Roman Basa at Teodoro Gonzales at si Teodoro Plata ay kina Briccio Brigido Pantas at Valentin Diaz. Noong buwan ng Oktubre ng 1892 ay inihalal namin ang unang Ktt. Sanggunian (Consejo Supremo) at ang nahirang na magsisibuo ay itong sumusunod: Deodato Arellano, Pangulo, Andres Bonifacio, Interventor, Ladislao Diwa, Piskal, Teodoro Plata, Kalihim at Valentin Diaz, tagaingat-yaman. Dahil sa totoong maliwag ang paraang ito kaya't pinagkaisahan na

ang pagkuha ng mga kasapi ay huag nang gawin sa pamamagitan ng triangulo, at bawa't isa'y pinahihintulutang makapagdala ng kahit ilan o hanggang makapagsasama. Noong Pebrero ng 1893 ay muling nagdaos ng halalan at ang nahirang na magsibuo ng bagong Konsejo Supremo ay itong sumusunod: Roman Basa, Pangulo; Andres Bonifacio, Piskal; Jose Turiano Santiago, Kalihim; Vicente Molina, tagaingat yaman; at Restituto Javier, Briccio Brigido Pantas, Teodoro Plata, Teodoro Gonzales at Ladislao Diwa, mga kagawad."

Bago nangyari ang Unang Sigaw sa Balintawak ay sumangayon si Andres Bonifacio kay Heneral Paciano Rizal na ipagpaliban ang pagbabangon ng himagsikan upang huwag makapinsala kay Dr. Rizal na noo'y nasa sasakyang kastilang "Castilla" at naghihintay ng bapor na maghahatid sa kanya sa Kuba, nguni't dahil sa pagkakatuklas ni P. Mariano Gil sa Tundo sa Katipunan ay sinugo ni Andres Bonifacio si Emilio Jacinto, na siyang tanging sanggunian at kanang kamay niya, kay Hen. Paciano Rizal at ipinasabing dahil sa nangyaring ito ay binabawi niya ang unang pasiyang ipagpaliban ang pagbabangon ng himagsikan pagka't kung hindi ganito ang gagawin ay maaaring mabigo ang paghihimagsik.

Ang mga katipunan noon ay kulang na kulang sa mga sandatang maipanglalaban, ngunit ang kalooban nila'y handang-handa at ang tanging hinihintay ay ang pasiya ng kanilang Ktt. Punong si Andres Bonifacio. Ang Maykawayan ay siyang napili ni Andres Bonifacio upang doon magpagawa ng mga gulok na matatalim na siyang gagamitin sana nila, nguni't nang isakay na ito sa isang karetela ay na no ng Guwardya Sibil na bantay sa Kalookan. Ang may dala ay nakapagtanan, nguni't ang mga dalang sandata ay nasamsam na lahat ng mga Guwardiya Sibil.

Walang alinlangan na ang Dekalogo ni Andres Bonifacio ay siyang naging batong salalayan ng Katipunan at ng Himagsikan. Ang Kartilya ni Emilio Jacino, Utak ng Himagsikan, ay siya ngang ginamit dahil sa pagbibigay-loob at pagkilala ng Supremo sa katalinuhan ng kanyang kalihim at kanang kamay, nguni't hindi maikakait na kung hindi sa Dekalogo niya ay hindi maisipan ni Emilio Jacinto na sulatin ang Kartilya, na siyang ginawang batayan at mga gintong aral sa paghihimagsik.

At dahil sa kadakilaan at pagka-makasaysayan ng nasabing Dekalogo ni Andres Bonifacio kaya't hinuwaran naman ito ni Mabini. At sa ganyan ay lalong naging makasaysayan ang nasabing Dekalogo, na dinaig at nilaluan pa ang pagiging makasaysayan ng kartilya ni Emilio Jacinto.

Ang orihinal na sulat sa tagalog ng Dekalogong ito ay hindi pa nalalathala, at pinamagatang "*Katungkulang Gagawin ng mga Z. LI. B.*" Ang unang naghulog nito sa wikang kastila ay ang nasirang Epifanio de los Santos Cristobal. Mula sa kastila ay isinalin naman sa wikang ingles ni Mr. Leo. Fischer at sa tagalog ni G. Hermenegildo Cruz. Mula noon ay nagkaroon na nang maraming traduksion o salin sa iba't ibang wika na pawang galing sa salin sa kastila. Sa mga nagsalin sa tagalog ay kabilang sina Gg. Dionisio San Agustin, Juan N. Evangelista, Emilio Siongko, Julian Cruz Balmaceda, Hen. Artemio Ricarte at iba pa. Sa wikang ingles naman ay kabilang sina Gg. Fernando Maramag, Charles Edward Russell, Camilo Osias, Sol H. Gwekoh at iba pa. Nagkaroon din ito ng salin sa iba't ibang dialekto sa Kapuluan at gayon din sa wikang aleman na gawa ni Prof. Cecilio Lopez ng Unibersidad ng Pilipinas at sa wikang pranses na gawa naman ng walang kapantay na makata sa wikang kastilang si G. Cecilio Apostol.

Dahil din sa kahalagahan ng nasabing Dekalogo kaya't ang buhay ni Andres Bonifacio ay hindi maaring sulatin nang hindi ito kasama o napag-uukulan ng mga gintong talata. Sa ilang "text book" na itinuturo ngayon sa mga paaralang bayan ay kasama rin ang dekalogong ito. Ang lalong mahalagang talumpati ng Pangulong Manuel L. Quezon ukol sa buhay at kadakilaan ng Supremo ay ibinatay niya sa nasabing dekalogo at ang mga aral ng bagong Katipunan ni Espiker Roxas ay ibinatay at nasasalig din sa dekalogo ni Andres Bonifacio. Ang lahat nang iyan ay nagpapakilalang habang lumalaon ay lalong nagiging dakila at makasaysayan ang Dekalogo ni Andres Bonifacio na siyang ganap na nagpalaho ngayon sa Dekalogo ni Mabini at sa Kartilya ni Emilio Jacinto.

Sa kahilingan ng mga guro sa "Intramuros Intermediate School", ang Pangulo ng mga Pantas sa Akademya ng Wikang Tagalog na si G. Julian C. Balmaceda, ay sumulat ng isang dula sa wikang ingles na pinamagatang "BONIFACIO'S TEN COMMANDMENTS" (A decalogue specially written for Bonifacio Day celebrations) na ang diwa ay hinango sa Dekalogo ng Supremo ng Katipunan at itinanghal ng mga nagsisipag-aral doon noong 1929, bilang

pagpaparangal sa kaarawan ni Bonifacio. Ito ang kaunaunahang dulang sinulat sa wikang ingles ni G. Balmaseda, at bagama't niyari sa maikling panahon na tumagal lamang ng ilang oras ay naging kahanga-hanga ang pagkakasulat, na ayon na rin sa patunay ni Dr. Jose P. Bantug, ay nagpakilala ng malaking katangian ng may akda na ipinagkaroon niya ng karapatang mapabilang sa unang hanay ng mga mangdudulang pilipinong sumusulat sa wikang ingles. Sa kahilingan ng marami ay isinalin ito sa wikang tagalog ng may akda at inilathala sa lingguhang SAMPAGITA at pinamagatan namang "ANG SAMPUNG UTOS NI BONIFACIO". Gaya nang sa ingles, ang salin sa tagalog ay maituturing na isang "obra maestra".

Gaya ng ibang samahang lihim, ang Katipunan ay nagkaroon ng sariling alpabeto na gawa ni Emilio Jacinto at Andres Bonifacio. Ang karaniwang alpabetong ginagamit nila ay itong sumusunod:

ALPABETONG KASTILA	ALPABETONG KATIPUNAN
A	Z
B	B
C	K
D	D
E	Q
F	G
G	F
H	H
I	N
K	K
LI	J
M	V
N	LI
O	C
P	P
Q	K

R	R
S	S
T	T
U	X
W	W
Y	Y

Sa mga kasulatan ni Emilio Jacinto na aking iniingatan ay natatala ang dalawa pang lihim na alpabeto na silang dalawa lamang ni Andres Bonifacio ang gumagamit. Ang dalawang alpabetong nasabi ay may malaking pagkakaiba sa karaniwang ginagamit ng Katipunan at hindi nakikilala at nalalaman ng iba. Natatala din naman sa nasabing mga kasulatan na mababasa sa aking *Ang Sigalot ni Bonifacio at ni Aguinaldo* na ang titik na “A” ay pinapatay pagkatapos ng “Consonante” at ang mga salitang *ang, ng, at, kung at sa* ay pinapalitan nila ng 1, 2, 3, 4 at 5. Ang mga alpabetong ito ay mababasa sa aking akdang “*Los Alfabetos del Katipunan*”.

Isang tula ni Procopio, kapatid ng Supremo, ang iniwan ni Andres Bonifacio kay Ginang Espiridiona, kapatid na babae ng Supremo, bago siya lumabas sa gubat, at ngayo’y sisipiin ko ng walang labis at walang kulang:

Oh inang Espanya, humihinging tawad
kaming pilipino na iyong inaanak,
panahon ay dumating na magkatiwatalag
sa di mo pagtupad, masamang paglingap.

Paalam na akong Espanyang pinopoon,
kaming pilipino humihiwalay na ngayon
ang bandera naming dulo ng talibong
ipakikilala sa lahat ng nasyon.

Lakad, aba tayo, titigisa ang hirap
tunguhin ang bundok kaluwangan ng gubat
gamitin ang gulok at sampu ng sibat
ipagtanggol ngayon Inang Pilipinas.

Paalam na ako, bayang tinubuan
bayang masagana sa init ng araw
oh maligayang araw na nakasisilaw
kaloob ng Diyos at poong Maykapal.

Ang mga huling talata ng tulang ito na ngayon lamang mahahayag ay nahahawig sa mga huling talata ng huling paalam ni Dr. Jose Rizal. Ang tulang ito ay buong-buong nasasa-ulo ni Ginang Espiridiona na siyang nagkaloob sa akin ng salin. Itinutugma nila ito sa isang namomodang tugtugin nang panahon iyon, kaya't ang pagkakatula'y hindi husto ang mga pantig o silaba.

Sa mga talang naiwan ng nasirang Naning Ponce ay may dalawang tulang sinipi ito, na ayon sa nasabing mga ulat, ay tula ni Andres Bonifacio. Ang una'y pinamagatang "KATAPUSANG HIBIK NG PILIPINAS" at ang pagkakatula'y mainam. Ang ikalawa'y pinamagatan naman ng "TAPUNAN NG LINGAP". Narito ang nasabing dalawang tula:

Sumikat na Ina na sinisilangan
Ang araw ng poo't ng katagalugan,
tatlong daang taong aming iningatan
sa dagat ng dusa ng karalitaan.

Walang isinuway kaming iyong anak
sa bagyong masasal ng dalita't hirap,
iisa ang puso nitong Pilipinas
at ikaw ay di na Ina naming lahat.

Sa kapuwa Ina'y wala kang kaparis
ang layaw ng anak dalita't pasakit
pag nagpatirapang sa iyo'y humibik
lunas na gamut mo ay kasakit-sakit.

Gapuring (?) mahigpit ang mga tagalog
Hinain sa sikad, kulata at suntok,
makinahi't ibiting parang isang hayop
ito бага, Ina, ang iyong pag-irong?

Ipabilanggo mo't sa dagat itapon
barilin, lasunin nang kami'y malipol
sa aming tagalog ito baga'y hatol,
Inang mahabagin sa lahat ng kampon.

Aming tinitiiis hanggang sa mamatay
bangkay ng mistula ayaw pang tigilan
kaya kung ihulog sa mga libingan
linsad na ang buto't lamuray ang laman.

Wala nang namana itong Pilipinas
na layaw sa Ina kundi nga ang hirap
tiis ay pasulong, patente'y nagkalat
recargo't impuesto'y nagsala-salabat.

Sari-saring silo sa ami'y iniisip
kasabay ang utos tutuparing pilit
may sa alumbrado bayad kami'y tikis
kahit isang ilaw ay walang masilip.

Ang lupa at bahay na tinatahanan
bukid at tubigang kalawak-lawakan
at gayon din naman mga halamanan
sa paring kastila ay binubuisan.

Bukod pa sa rito'y ang iba't iba pa
huwag nang saysayin oh Inang Espanya
sunod kaming lahat hanggang may hininga
tagalog di'y siyang minamasama pa.

Ikaw nga oh Inang pabaya't sukaban
kami di na iyo saan man humanggan
ihanda mo, Ina, ang paglilibingan
sa mawawakawak na maraming bangkay.

Sa sangmaliwanag ngayon ay sasabog
ang barila't kanyon katulad ay kulog

ang sigwang masasal ng dugong aagos
ng kanilang bala na nagpapamook.

Di na kailangan sa Espanya ang awa
na mga tagalog oh! Inang kuhila
paraiso namin ang kami mapuksa
langit mo naman kung kami madusta.

Paalam na, Ina, itong Pilipinas,
paalam na, Ina, itong nasa hirap,
paalam, paalam, Inang walang habag,
paalam na ngayon, katapusang tawag.

Narito ang ikalawa:

Sumandaling dinggin itong karaingan,
nagsisipag-inot magbangon ng bayan,
malaong panahon na nahahandusay
sa madlang pahirap sa kastilang lalang.

Nangasaan ngayon, mga ginigiliw,
ang tapang at dangal na dapat gugulin,
sa isang matuwid na kilala natin
ay huwag ang gawag mga pagtataksil.

At ating lisanin ang dating ugali
na ikinasisira ng taas ng uri,
ng bayang tagalog ay may asa dili
ang puring nilupig ng bakang maputi.

Aanhin ang yama't mga kapurihang
tanawin ng tao at wikang mainam (11)
kung mananatili ina nating Bayan
sa kastilang ganid, kastilang sungayan.

Kaya nga halina, mga kaibigan,
kami ay tulungang ibangon sa hukay,

ang inang nabulid sa kapighatian
nang upang magkamit ng kaligayahan.

Mga kapatid ko'y iwaksi ang sindak,
sa mga balita ng kastilang uslak,
ugali ng isang sa tapang ay salat
na kahit sa bibig tayo'y ginugulat.

At huag matakot sa pakikibaka,
sa lahing berdugo na lahing Espanya,
nangaririto na para manggagaga,
ang ating sariling ibig pang makuha.

Sa Dios manalig at huwag pahimok,
sa kaaway natin na may loob hayop,
walang ginagawa kundi ang manakot
at viva ng viva'y sila rin ang ubos.

Ay! Ang lingap mo po, nanunungong lañgit,
Dios na poon ko'y huwag ipagkait
sa mga anak mong napatatangkilik
ng huag lumagos sa masamang hilig.

Kupkupin mo nama't ituro ang landas
ng katahimikan at magandang palad
kaluluwa naming nang di mapahamak.

Ang unang pamahayag na ipinalibot ni Andres Bonifacio ay gawa ni Emilio Jacinto at ang naging tagasulat ay si G. Sinforoso San Pedro at katulong niya si G. Florecio Inocentes ng Sangguniang Makabuhay. May isa pang pamahayag si Andres Bonifacio, hindi malaman kung siya ang may-akda o si Emilio Jacinto, at ipinalibot sa pangalan niya. Narito ang nasabing pamahayag na walang petsa at direksiyon:

KATIPUNAN MARARAHAS NG MGA ANAK NG BAYAN

Ang inyong ipinakilalang katapangan sa pakikihamok sa kaaway na mga kastila buhat pa nang simulan itong paghihimagsik ay siyang nagsasabing mataas na di ninyo ikinasisindak ang ugong ng paghahanda at pagsalakay dito ng hukbong akay ni Polavieja, na sa kaunting panahon ay nagpakilala na ng malabis na karuwagan at hamak na kaasalan ng alipin sa kanyang pagpapahirap at malimit na pagpatay sa makapal na kalahing hindi nagsisilaban. Yaong pagpapasunog nito sa mga bata, yaong paglapastangan at pagdungis sa kapurihan ng mga babae na di na pinakundanganan ang kanilang kahinaan, yaong pagputol ng buhay ng mga matatandang hindi na makausad at sanggol na sumususo pa, na kailan man ay hindi aasalin at gagawin ng sino pa mang lalaking may puri at may tapang, ay humihingi ng isang masiglang paghihiganti at matinding kaparusahan.

Sa inyong pamimiyapis, mangyayaring abutin ang kayo'y tanghaling bangkay sa gitna ng parang ng pakikidigma; nguni't ito'y kapurihang maipamamana sa ating Bayan, sa ating Lahi at sa ating Angkan.

Ang inyong mapupugtong hininga ay siyang magbibigay-buhay sa ating bayan at siyang matamis na alaala sa gunita ng inyong mga kapatid na maiiwan.

Dapat naman ninyong mabatid, na ang kadahilanan ng ating paggugugol ng lalong mahalaga sa loob at sampu ng ingat na buhay, ay nang upang tamuhin at kamtan yaong nilalayong Kalayaan ng ating Bayang tinubuan na siyang magbibigay buong kaginhawahan at magbabangon ng kapurihan na inulugmok ng kaalipinan sa hukay ng kadustaang walang katulad.

Sasagi kaya sa inyong loobang panglulumo at aabutin kaya ng panghihinayang na mamatay sa kadahilang ito? Hindi! hindi! Sapagka't nakikintal sa inyong gunita yaong libu-libong kinitil na buhay ng mapanganyayang kamay ng kastila, yaong daing, yaong himutok at panangis ng mga pinapangulila ng kanilang kalupitan, yaong mga kapatid nating nangapiipit sa kalagimlagim na bilangguan at nagtitiis ng walang awang pagpapahirap, yaong walang tilang pag-agos ng luha ng mga nawalay sa piling ng kanilang mga anak, asawa, at matatandang magulang na itinapon sa iba't ibang malalayong lupa at ang katampalasanang pagpatay sa ating

Resgado del 2º instr. del Distrito
de Condo

Expediente formado en virtud
de la comunicacion de la Junta de
Administracion de los Caballeros con
quienes por rebelion i infidencia
bre embargo se dio orden de Andres
Bonifacio

firmado por
Francisco
Andres Bonifacio
Francisco
Francisco

Ang expediente ng pag-ilit
ng mga Kastila sa mga ari-
arian ni Andres Bonifacio.

Albino Bonifacio y otros
Francisco y otros del Batallón

pinakaiibig nating kababayan na si M. Jose Rizal, ay nagbukas na sa ating puso ng isang sugat na kailan pa ma'y hindi mababahaw. Lahat ng ito'y suklat nang magpaningas sa lalong malamig na dugo at magbunsod sa atin sa pakikihamok sa hamak na kastila na nagbibigay sa atin ng lahat ng kahirapan at kamatayan.

Kaya mga kapatid, igayak ang loob sa pakikipaglaban at pakaasahan ang pagtatagumpay, pagka't nasa atin ang katwiran, at kabanalang gawa; ang kaaway, iyang kasuklam-suklam na dayuhang dito'y napasoot ang tanging ipinaglalaban ay ang malaing katwirang panggagaga at panglulupig dito sa di nila bayan.

Sa lahat ng ito, nang malubos ang kabanalan at kapurihan ng ating lahi, nang tanghalin ng sangdaigdigan ang kamahalan ng ating kalooban, ay huwag nating tularan ang ating mga kalaban sa pagka-hamak na asal na ugaling gamit sa pakikidigma huwag tayong makipaghamok sa kaibigan lamang na pumatay, kungdi sa pagtatanggol ng kalayaan ng ating Bayan, ay maihiyaw ng buong lakas na Mabuhay! Mabuhay ang Haring Bayang Katagalugan!

ANDRES BONIFACIO
Maypagasa

Ang unang natuklasan ng mga kastila ay ang mga katipunan sa Sampiro Makati. Noong ika-5 ng Hulyo ng 1896 ay sumulat sa mga pinuno niya sa Maynila si tenyente Manuel Sityar ng Guwardiya Sibil sa Pasig, at ipinagbigay alam ang paglaganap doon ng Katipunan. Isang buwan pa ang nakaraan at natuklasan naman ni P. Mariano Gil sa Tundo ang mga kasulatan ng Katipunan sa loob ng palimbagan ng “Diario de Manila” at pagkatapos ay pinasimulan ng nga ang pagpapadakip at pagpapabari sa maraming pinaghihinalaan na kinabibilangan nina Jose Dizon, amain ni Emilio Jacinto at ni Marina Dizon, Sancho Valenzuela, Ramon Peralta, Eugenio Silvestre, Modesto Sarmiento, Numeriano Adriano, Moises Salvador, Luis Enciso Villareal, Domingo Cecilio, Marcos Ventus, Teodoro Lagonera, Mamerto Natividad, Procopio Hilario, Francisco Tañedo, ang labingtatlong martir sa Kabite, at iba pang marami. At sa ganyan ay lalong nag-apoy ang kalooban

ng mga mamamayan at lumalaganap ang katipunan, sa pamumuno ni Andres Bonifacio at Emilio Jacinto.

Ang mga mananaysay ay hindi nagkakaisa kung kalian nangyari ang unang Sigaw ng Himagsikan. Sa isang dako ay nagkakaisa ang lahat sa di mapupuwing na katotohanang ang himagsikan sa Pilipinas ay naibunsod sa pamumuno ni Andres Bonifacio at sa pamamaraan naman ni Emilio Jacinto.

Sang-ayon kay heneral Emilio Aguinaldo, ang unang Sigaw ng Himagsikan ay naganap sa San Juan del Monte, Rizal. Ito’y kinakatigan ni heneral Pio del Pilar at koronel Sinforoso San Pedro. Ang dating paniniwala naman ng marami ay nangyari ito sa Balintawak noong ika-26 ng Agosto ng 1896, gaya ng nasasabi sa maraming kasaysayan. Gayon din ang patunay ni G. Guillermo Masangkay, kasamahan ni Andres Bonifacio. Nguni’t isang salaysay na nilagdaan nina heneral Cipriano Pacheco, Dr. Pio Valenzuela at Briccio Brigido Pantas ang bumabago sa dating paniniwala ng marami, gaya ng nilalaman ng sumusunod na

ISANG PAGUNITA

Upang matuwid ang Paniwala sa Unang Sigaw sa Panhihimagsik Kaming Naguing Kasanguni ng Pangulo ng Kataas taasan, Kagalangalang Katipunan ng mga Anak ng Bayan na si Andres Bonifacio.

Kaming nalalabi pang Kasama sa unang labanan iyon
Alang-alang sa Ikapapanuto ng mga Mananalaysay at ng
hinaharap,

ay Nagpapahayag:—

NA HINDI SA BALINTAWAK NGYARI ANG UNANG SIGAW NG
PAGHIHIMAGSIK NA KINALALAGUIAN NGAYON NG BANTAYOG, KUNG DI
SA POOK NA KILALA SA TAWAG NA PUGAD-LAWIN.

BRICCIO BRIGIDO PANTAS

PIO VALENZUELA

CIPRIANO PACHECO

Kung alin diyan ang dapat pahalagahan at paniwalaan ay siyang dapat suriin ng isang tanging lupong dapat ihalal ng pamahalaan, sa pamumuno ng Tagapamahala ng Aklatang Pambansa. Ang pagunita nina Dr. Pio Valenzuela ay kinakatigan ng balo ng Supremo na si Ginang Gregoria de Jesus. Samantala’y maghintay tayo ng lalong maliliwanag na ulat at mga patibay ng iba pang nangakasama sa unang sigaw ng Himagsikan sa Pilipinas.

Alam ng lahat na ang lalong madugo at makasaysayang pangyayari sa buhay ni Andres Bonifacio ay nagmula sa magulong halalan sa Teheros na pinagtagumpayan ni heneral Emilio Aguinaldo sa pagka-pangulo ng Pamahalaan ng Himagsikan laban sa Supremo ng Katipunan. Lahat ng lalong maliliwanag na ulat at mga kagilagilalas na kasulatan ukol sa madugo at makasaysayang pangyayaring yaon na humantong sa pagkakapatay sa kinikilala ngayong Ama ng Demokrasya at ng Himagsikan sa Pilipinas ay siya kong pinagtiyagaang pinagsama-sama at maingat na sinipi sa aking ipalilimbag na akdang “ANG SIGALOT NI BONIFACIO AT NI AGUINALDO” na may Paunang Salita ni heneral Artemio Ricarte Vibora. Gayon man ay magiging malaking kakulangan ng kasaysayang ito kundi natin lalakipan ng ilang kasulatan na may kinaalaman sa nangyaring yaon. Narito ang dalawang sulat ni Bonifacio na ang isa ay naglalarawan ng kanyang sama ng loob sa kinalabasan ng halalan sa Teheros:

Mapagtiis 2 Enero 1897

Pangulong *Mainam*:

Huwag ang hindi kayo magsadiya rito ngayon din at nais kong mapagusapan natin sarilinan ang nangyari sa akin sa sang. Magdalo at maipagbigay liwanag niniyo sa akin ang kanilang pagkakatatag.

AND. BONIFACIO
Maypagasa

27 April 1897

Mahal kong general Mainam:

Ang natapos nating pulong halalan sa Mapagtiis ay nagiwan sa aking puso nang malaking tinik na makamandag. Ynuulit ko sa iniyo ang pagwawalang bisa ko sa lahat ng doo'y pinagkaisahan. Ay general, hindi ko akalain na ang aking pagbibigay at pagtatapat ay suklian ng pag-iimbot at paghamak sa aking pagkatao ng mga bayabayanihan ninyong kalalawigan. Maipatatantu ko rin sa kanila pag apak ko nang lupang Morong, na di ako ang kanilang hinamak kun di ang boong Bayan.

Bigyan ninyo ako kaagad ng pagkain at manga tapat na kawal nang Ynang Bayan dito sa Limbon, bilang katuparan nang pangako ninyong *tulong* sa aking balisang pag alis.

Ang iniyong supremo,
AND. BONIFACIO
Maypagasa

Ang heneral Mainam na pinadalhan ng sulat ni Bonifacio ay walang iba kundi ang pangulo ng Sangguniang Magdiwang na si heneral Mariano Alvarez na may simbolikong *Mainam* sa loob ng Katipunan. Si heneral *Mainam* ay ama ni heneral Santiago V. Alvarez na may simbolikong *Apoy* at kilalang maka-Bonifacio, sa mula't mula pa.

Kung ano ang ayos ng asyenda sa Teheros nang panahong yaon, na lubhang naging makasaysayan dahil sa magulong kapulungang idinaas doon ng pinaglakip sa Sangguniang Magdiwang at Magdalo, at dahil sa bantug na akta sa Teheros, na siyang nangunguna sa talaan ng sampung lalong mahahalagang kasulatan ng himagsikan, alinsunod sa kuru-kuro nina heneral Artemio Ricarte Vibora, Emilio Aguinaldo at Cecilio Apostol, ang bagay na ito'y siyang isinaysay ni Hen. Ricarte na siyang naging kalihim ng kapulungan at isa sa mga nakalagda sa akta sa Teheros na tumututol sa pagkakahalal ni Hen. Aguinaldo sa pagka-Pangulo ng Gobierno

Rebolusyonario, sa isang ulat na ipinadala sa akin noong ika-16 ng Pebrero ng 1931, at nilakipan ng isang munting mapang may iba't ibang palatandaan at mga paliwanag.

“Ang sulok na may palatandaan sa ilalim ng blg. 12 ay siyang tapat ng bulwagang pinagdausan ng pulong noong ika-22 ng Marso ng 1897—ang paliwanag ni Hen. Ricarte sa kanyang ulat na kinakaharap ko ngayon—at yaon namang may palatandaan sa panulok ng blg. 15 ay siya namang tapat ng bulwagang pinagdausan ng pagsumpa sa pagtanggap ng tunkulin. Marahil itong huli ay narorooong makikita pa sapagka’t noong panahon ng himagsikan laban sa mga kastila, ang kumbento at simbahan ng Tansa ay hindi napipinsalaan, hindi gaya ng “Casa-hacienda de Tejeros” na natupok at ang mga kaskahong nangatira ay pinaghakot naman ng pamahalaang militar ng mga Amerikano at itinabon sa mga daan, kaya walang mababakas ngayon kundi ang lupang kinatayuan lamang.”

“Sa mga palatandaang inilagay ko sa bayang Mapagtiis ay mapapansin ang mga tildi-tilding pahanay, at iyan ang mga lansangang aking pinabuksan nang kasalukuyang nag-aalab ang himagsikan upang may mapagsanayan ang aking mga kawal. Ibinabalita sa aking mga buhay pa ang mga lansangang yaon. Ang may blg. 5 ay siyang kinalalagyan ng tahanan ko at ang paaralan na siyang tanggapan sa mga magsisianib sa Katipunan. Ang paaralang nasabi alinsunod sa isang kapasyahang ipinadala sa akin ng Konseho Munisipal doon, ay bininyagan nila ng aking pangalan.”

Sa mga talang iyan na ipinadala sa akin ni heneral Ricarte ay dapat nating idagdag ang sumusunod na ulat na siya namang pinakapaliwanag sa mga bilang na matutunghayan sa mapa ng asyenda ng Teheros na iginuhit din ni Hen. Ricarte.

“Ang blg. 1 ay ang *trapiche* o paipitan ng tubo ni G. Catalino Arnaldo na pinagtipunang mga katipunan naaani sa Balangay Mapagtiis, sakop ng Sangguniang Magdiwang, noong ika-29 ng Agosto ng 1896, upang antabayanan ang mga pinakayariang



Ang mapa ng Teheros na iginuhit ni Hen. Artemio Ricarte Vibora.

hudyat, at dahil sa hindi naman nagkaroon ng pagkakataong maisagawa ang gayong pinagkasunduan ay naghiwahiwalay sila nang nagliliwayway na.”

“Ang blg. 2 ay ang *pasong kalabaw* na siyang muling pinagpungan ng ika-31 ng Agosto, 1896. Sa pook na ito nagsimula ang himagsikan sa lalawigan ng Kabite.”

“Ang blg. 3 ay ang kinalalagyan ng karian ni Benigno Parot. Dito naghanda ako ng pagkaing pinagsalusaluhan ng mga nagpupulong.”

“Ang blg. 4 ay ang simbahan at kumbento ng bayang Mapagtiis, lalong kilala sa tawag na San Francisco de Malabon o Malabon

Grande, nang matukoy na hindi ang Malabon sa lalawigan ng Rizal.”

“Ang blg. 5 ay ang bahay paaralan ng bayan na siyang ginawang tanggapan ng mga nagsisianib sa K.K.K. ng mga A.N.B., at ginawang piitan nga mga bihag na Guwardiya Sibil at mga prayle. Kahulihulihan ay ginawang bahay-pamahalaan ng Sangguniang Magdiwang, mula sa buwan ng Oktubre, 1896, hanggang sa buwan ng Marso ng 1897, na ilipat sa Naik.”

“Ang blg. 6 ay ang tribunal municipal na ngayo’y tinatawag na Presidencia at siyang unang sinalakay ng mga manghihimagsik na pinamumunuan ko.”

“Ang blg. 7 ay ang kuwartel ng mga Guwardiya Sibil na kapagkarakang sumuko ang mga pulisyang tumatanod sa Tribunal Munisipal ay sinalakay naman ng mga manghihimagsik ay napaurong dahil sa mahigpit na pagtatanggol ng mga nasasaloob. Magiika-12 ng tanghali nang simulan ang paglusob na tumagal ng 21 oras at ang nagtagumpay ay ang mga kawal na pinamumunuan ko.”

“Ang blg. 8 ay siyang liwasan bayan at sa tapat noon natatayo ang bahay na tinirhan ni Andres Bonifacio. Sa nasabing bahay isinatagalog ni Andres Bonifacio ang Huling Paalam ni Dr. Jose P. Rizal. Dito rin natatayo ang bantayog ni Hen. Mariano Trias na inihandog sa kanya ng mga kabataan sa San Francisco de Malabon.”

“Ang blg. 9 ay siyang kinatatayuan ng bahay ni Hen. Santos Nocon na unang tinirhan ng Supremo. Sa bahay na ito muntik nang patayin ni Andres Bonifacio si Hen. Daniel Tirona, dahil sa mga sulat na kanyang ipinakalat na humahamak sa karangalan ng Supremo, nang ito’y bagong kararating lamang sa lalawigan ng Kabite.”

“Ang blg. 10 ay siyang kinatatayuan ng mga magarang tahanan ni Ginang Estefania Potente na tinirhan din ng Supremo. Dito rin

inilagay ang munting limbagan na ang mga titik na ginamit ay padala ni Emilio Jacinto, kinikilalang Utak ng Himagsikan.”

“Ang blg. 11 ay ang tulay na nasa tabi ng bahay ni kapitang Kiko o Francisco Ferrer, biyenan ni heneral Mariano Trias.”

“Ang blg. 12 ay siyang kinaroroonan ng bahay-asyenda sa Teheros na naging lubhang makasaysayan dahil sa pangyayaring dito idinaos ang dakilang kapulungan noong ika-22 ng Marso ng 1897, na pinagtagumpayan ni heneral Emilio Aguinaldo sa pagka Pangulo ng Gobierno Rebolusyonario laban kay Andres Bonifacio. Noon nagsimula ang sigalot ni Bonifacio at ni Aguinaldo na nagwakas sa pagkakabaril sa Supremo ng Katipunan. Dito rin nalagay ang pagamutang pinaglingkuran ng balo ni Dr. Rizal at ang Maestranza na pinangasiwaan ni Dr. Francisco, punong pagamutan. Dito rin idinaos ang pulong ng may apat na pu’t limang (45) matataas na pinuno ng himagsikan sa pangungulo ni Andres Bonifacio, na tumututol sa pagkakahalal ni heneral Emilio Aguinaldo na maging Pangulo ng Gobierno Rebolusyonario.”

“Ang blg. 13 ay siyang kinatatayuan ng simbahan at kumbento ng Salinas o Rosario na sinunog ng mga kawal na kastila, samantalang naglalabanan ng mga huling araw ng buwan ng Marso ng 1897.”

“Ang blg. 14 ay ang kinaroroonan ng tulay ng Tansa. Sa nasabing kumbento ginanap ni heneral Emilio Aguinaldo ang pagtanggap ng tungkulin sa pagka-Pangulo ng Gobierno Rebolusyonario.”

Ang ulat na iyan na galing kay Hen. Ricarte, bilang paliwanag sa mga palantandaang nakalagay sa mapa ng Teheros na ipinadala sa akin, ay di mapagaalinlanganang isang malaking tulong sa pagyari ng lalong ganap at mahusay na kasaysayan ng himagsikan sa Pilipinas.

Si Andres Bonifacio, dahil sa paghiwalay sa pamahalaan ng himagsikan ay ipinadakip kina koronel Agapito Bonson at Jose Ignacio Pawa noong ika-28 ng Abril ng 1897. Isinailalim siya ng Sangguniang Digma at ang naging hatol ay barilin. Tinupad ang utos ng Sangguniang Digma noong ika-10

ng Mayo ng 1897 at ang namuno sa pagbaril sa magkapatid na Andres at Procopio Bonifacio ay si koronel Lazaro Makapagal. Kung paano binaril ang Supremo ay siyang inilalarawan ng sulat na ipinadala sa akin ni koronel Makapagal at matutunghayan sa sumusunod:

G. Jose P. Santos
1017 Pennsylvania,
Malate, Manila

Ginoo:

Sumulat po ako sa inyo ukol doon sa sinabi ninyo sa akin na bigyan ko kayo ng sulat bilang paliwanag sa aking “actuacion militar” sa nangyari sa magkapatid na Andres at Procopio Bonifacio na may 30 taon na marahil ang nakalampas. Kaya hindi ko kayo mabigyan lugod ay dahil sa napakatagal na at lahat ng mga taga paligid ng Maynila ay alam na iyon. Tila lipas na sa panahon at hindi na kailangan. Gayon man po ako’y magpapaunlak at ganito ang nangyari:

Noong umaga ng ika-10 ng Mayo, 1897, araw na inilusob ng hukbong kastila sa bayan ng Maragondong, Kabite, pagtugtog ng diana ay humarap sa akin ang isang ordenansa at sinabing: “*Komandante, kayo po’y ipinatatawag ni Heneral Noriel.*” Madali akong nagbihis at humarap agad. Matapos kong magbigay-galang na sinagot niya ng gayon din ay iniabot sa akin ang isang sulat na nasa loob ng isang sobrang nakapinid at ang wika: *Komandante, ang sulat na ito ay para sa inyo, datapuwa’t huag ninyong bubuksan. Ganito ang inyong gagawin: Paroon kayo agad sa Kuwartel at sabihin kay Koronel Ritual na bigyan kayo ng apat na sundalo, pagkatapos ay paroon kayo sa Ermita at kunin ninyo ang magkapatid na preso na si G. Andres at Procopio Bonifacio, dalhin ninyo sila sa bundok ng Tala. Pagdating doon, buksan itong sulat, basahin ng malakas sa harap nilang dalawa at sundin ninyong mahigpit kung ano ang sinasabi sa loob niyan. Pag-kaabot sa aking kamay ay sinabing magmadali ako at papasok noon ang mga kastila.*

Lumakad na akong patungong Kuwartel. Humarap ako kay Koronel Ritual at sinabi ko sa kanya ang utos ng Heneral kaya madali akong binigyan ng apat na kawal. Kaming lima ay nagpunta sa Ermita. Pagdating namin sa bahay ay tinawag ko ang dalawa at sinabi kong sila'y ipinadadala sa bundok ng Tala, kaya't sila'y manaog agad at dadalhin ko roon. Nanaog naman sila dala ang mga damit. Nagtungo na kami sa Tala. Habang lumalakad ay itinatanong sa akin na baka raw sila ay babarilin. Sinabi kong hindi at ang orden sa akin ay dalhin sila sa bundok ng Tala upang ilayo marahil sa laban. Itinanong kung ano raw ang balita ko na gagawin sa kanila. Sinagot kong ako'y isang Komandante lamang ng “fuerza”, malayo sa mga pinuno, pirme sa kuwartel kaya ako'y walang balitang tinatanggap kundi puro utos at trabajo. Habang lumalakad kami ay naguusap na mapayapa. Wala silang anomang kutob ng loob at ako, kaya pati mga kawal ay hindi handa sa panganib. Nang dumating na kami sa isang pook na may bundok na munti, tila bilog, malapit sa kawayanan, kabila ng tubigan, harap sa Norte, tanaw namin ang bayang Maragondong, kanan ang sikat ng araw at sa likod ay tanaw ang bundok buntis, ay niyaya nila akong magpahinga raw muna kami at sila'y pagod. Pumayag ako. Nagupuan kaming lahat sa pinakapaa ng bundok na munting bilog, harap sa tubigan at kawayanan. Nang malaon na nang kaunti ay sinabi sa akin ni don Andres: *“Kapatid, malapit na rin lamang tayo sa bundok ng Tala ay baka mabubuksan na iyong pakete o sulat at ng malaman natin kung saan, mo kami iiwan.”* Alang-alang sa pakiusap ay pumayag ako. Akala ko'y sa pangulo sa Tala doon sila ibibigay. Dahil sa sabing basahing malakas sa harap nila at ng malaman kaya binasa ko naman ng malakas ang nilalaman na humigit kumulang ay ganito:

G. Komandante Lazaro Makapagal:

Alinsunod sa utos ng Consejo de Guerra na ginanap sa Maragondong noong ika 8 nitong Mayo laban sa magkapatid na sina G. Andres at Procopio Bonifacio, hinatulang barilin upang mamatay. Sa pamamagitan nito, kayo at mga kawal na nasa ilalim ng inyong kapangyarihan ay inuutusan upang ganapin ang nasabing hatol na barilin ang dalawang magkapatid.

*Ipinatalastas sa inyo na sa ano mang kapabayaan o kakulangan ng pagsunod sa utos na ito ay panananagutan at ipapataw sa inyo ang bisa at kautusang nasasabi sa *Codigo de Enjuiciamiento Militar Español*.*

Dios ang mag-ingat sa inyo sa mahabang panahon.

Maragondong 10 de Mayo de 1897.

MARIANO NORIEL

Nang maringig nila ang wikang *barilin ang magkapatid* ay napatigil ang pagbasa ko dahil sa ang Procopio ay napalukso sa upo sabay ang wikang “*Naku Kuyang!*” Ang Andres ay napaluhod na akmang ako’y yayapusin, sabay na napasigaw ang wikang “*Kapatid, patawarin mo ako*” Ako naman ay umigtad at ang minamatyagan ko ay ang kilos ng Procopio dahil sa malakas kay sa Andres ay baka ako maunahan. Kinabahan ako ng takot na baka lumaban o makawala at makapagtago sa kagubatan. Awa sa kanila at takot sa nag-utos ang naghari sa akin. Paano ako? At ako’y sumigaw ng “*Peloton, Preparen! Carguen, Armas!*” Nang maringig nilang naglalagitikan na ang mga gatilyo ng pusil sa pagkakarga, sila’y tumahimik na. Nang makargahan ang mga pusil hinarap ko ang Procopio, sinabi kong: “*Defrenten, Mar!*” Itinuro ko ang dinaanan, isang landas na munti, patungo sa loob ng gubat. Sa loob ng gubat ay tinupad namin ang utos ng Consejo de Guerra. Pagkatapos ay binalikan ko ang Andres na binabantayan ng dalawang kawal. Nang ako’y makita niya ay paluhod na sinabi sa aking “*Kapatid, patawarin mo ako!*” Ako noon ay nasa panganib din na gaya niya. Nagdaramdam siya ay nagdaramdam din ako, ngunit “*Wala akong magagawa*” ang naging sagot ko sa kanya. Nang makita niyang hindi siya makapamamanhik sa akin ay biglang tumakbo. Tinungo ang kagubatan, kaya hinabol namin. Inabot namin sa tabi ng ilog, pinakasulok ng isang ilog na munti. Sa malaki siya naroon at ang munting ilog ay pinaka sanga. Doon namin siya binaril. Pagkatapos ay tinangka naming ibaon, bilang paggalang, datapuwa’t wala kaming panghukay. Gayon man ay nakagawa kami ng kaunti

sa bayoneta, Tinabunan ng kaunti ng mga sanga ng kahoy ang pangdagdag.

Pagkatapos noon ay nagbalik na kami. Ang katotohanan ay ang aking sariling loob ay galit sa aking ginawa, nguni't kung isipin ko'y wala akong magagawa laban sa nag-utos na hindi ko masusuway. Binasa ko uli ang sulat mula sa una hangang katapusan. Bumalik kami sa Maragondong na malumbay sa nangyari. Kung nalaman ko kapagkarakay dili ang hindi ako tatanggi dahil sa hindi ko gusto ang gayong *servicio*. Masarap sa akin ang humarap sa panganib na laban kay sa gumanap ng gayong tungkulin sa isang hindi kagalit at walang sama ng loob. Nang kami ay malapit na sa bayan ng Maragondong ay nasalubong ko ang kanyang asawa, Ginang Gregoria de Jesus, at itinanong sa akin kung saan naroon ang kinuha ko sa kanya (ang Andres at Procopio). Sa awa'y hindi ako nakasagot pagka't nalalaman kong malaking lumbay ang idudulot ko sa kanya. Gayon man ay napilitan akong sumagot: "*Magpatuloy kayo at itanong sa Pangulo sa Tala*" Ito'y kabulaanan, nguni't sa habag ko'y ano ang sasabihin ko? Pagkatapos ay nagpatuloy kami sa paglakad. Nang dumating kami, ang loob ng bayan ay nilulusob ng mga kastila, lahat ay napapalabang mahigpit. May labanan sa loob ng Patio, sa harap ng simbahan, kumbento at ang kampanario ay kinakanyon. Nang tamaan ang kampanario ay sumabog ang bato, inalipad ang aking kapasete nguni't hindi ko na makuha sa higpit ng laban. Hindi nalaon ay isang bala ng Mauser ang tumama sa dibdib ko, galing sa tribunal, nguni't hindi gaanong dinamdam dahil sa tumama muna sa relos na bakal sa patio bago sa akin. Nang atakihin kami ng "*a la bayoneta*" ay hindi kami nakatagal. Patay at sugatan ay nagtimbuwang sa patio. Aywan ko kung ano ang nangyari. Tinamaan ako sa binting kanan, hindi ako makabangon ni hindi makagapang. Isang kawal ang humila sa akin. Kinaladkad akong parang sanga ng kahoy, at itinawid ako ng ilog. Nang makatawid sa ilog ay isa pa ang tumulong. Nang malayo na ako sa umuulang bala ay iniwan ako sa lilim ng isang puno ng kahoy na malaki. Ang laban ay inumpisahan ng umaga at nang maagaw sa amin ang bayan ay magiika-3 ng hapon. Gayon man ay hanggang magiika-6 ng hapon ay nariringig pa rin ang putukan. Ako'y magdamag na naiwan doon. Hindi ako kumain ng ano man

bagaman maghapon at magdamag na gutom na gutom ako. Nang sumunod na umaga ay kinuha ako roon. Ginamot at dinala ako sa malapit sa bundok ng Buntis. Si heneral Noriel na nag-utos sa akin sa pagbaril sa magkapatid na Bonifacio ay hindi ko nakita dahil mandin sa pagkakawatak ng mga kawal dahil sa nangyaring mahigpit na labanan. Dahilan dito sa mga nangyaring ito at ang tatlong pagkakatama sa akin kaya hindi ko malimutan na ang araw na iyon ang ipinasok ng mga kastila sa bayan ng Marigondong at siya rin namang araw na ikinamatay ng magkapatid na Andres at Procopio Bonifacio.

Manila, Hunio 27, 1929

LAZARO MAKAPAGAL

Ayon sa isang salaysay ni heneral Pio del Pilar na sinulat at nilagdaan noong 1929, ang magkapatid na Bonifacio ay ginawaran ng indulto o patawad ni hen. Aguinaldo, nguni't nang tanggapin ito ni Hen. Noriel ay patay na ang magkapatid. Ukol dito, ay basahin ang aking akdang “*Mga Kasulatang Lumiliwanag Sa Pagkakapatay Kay Andres Bonifacio.*”

Patay na si Andres Bonifacio at ang kanyang bangkay ay kinain na nang lupa, ang diwa niya’y siya ring naging tanglaw ng Himagsikan, gaya ng mapatutunayan sa isang tula niyang lumaganap noong 1897 at “98” na pinamagatang “Ang Mga Cazadores”. Narito:

Mga kasadores dito ay padala
sanhi daw sa gulo’y lilipulin nila
nguni’t hindi laban yaong kinikita
kundi ang mang-umit ng manok at baka.

Yaong mga bayang sa tahimik kanlong
sa mga kastila’y siyang hinahayon,
ang bawa’t makita nilang malalamon
pinag-aagawang masahol sa gutom.

Boong kabahayan ay sinasaliksik
pilak na makita sa bulsa ang silid
gayong ang alhajas at pinipiling damit
katulad ay sisiw sa limbas dinagit.

Sa mga babae na matatagpuan
mga unang bati'y ang gawang mahalay
kamuntik man lamang di nagpipitagan
sa puring malinis na iniingatan.

At ang mga lakong kamatis pakuan
milon at iba pang pinamuhunanan
walang nalalabi sa pag-aagawan
ng mga kastila kung matatagpuan.

Lahat ng makita nilang manggagatas
agad haharangin dadaanin sa bulas
tuloy lalaklakin ng mga dulingas
anopanga't wala nang pinalalampas.

Ngalang “cazadores” hindi nadadapat
kundi “sacadores” ang ukol itawag
bakit sa tanguay (?) malayo at aguwat
mandi halatan (?) matakaw at duwag.

Ang mga bahaging nilagyan ko ng (?) ay hindi na mabasa pagka't kinain ng anay. Ang tulang iyan ay sinipi ko sa mga tala ng nasirang Mariano Ponce na nag-ingat ng mga sipi ng ilan sa mahahalagang sinulat ni Andres Bonifacio.

Ang unang pagdiriwang sa kaarawan ni Andres Bonifacio ay idinaos noong 1901 sa daang Alvarado, Binundok, Maynila. Noong 1910 ay binalak ang unang pagpapatayo ng monumento sa karangalan ng Ama ng Katipunan, nguni't tinutulan ito ng pahayagan LIBERTAS sa matuwid na ang gayon ay magiging isang “Estatua al Crimen”. Sinagot ito ng mga pahayagang pilipino at ang LIBERTAS ay sunod na naglathala ng kanyang mga sagot noong ika-23

at ika-25 ng Pebrero ng 1910. Ang unang lathala ng LIBERTAS ay napalathala noong ika-19 ng Pebrero at pinamagatang “ESTATUA AL CRIMEN”.

Upang mawala ang pag-aalinlangan, ang nasirang Epifanio de los Santos Cristobal, ayon sa pangulong Rafael Palma, ay hinirang ng pamahalaan na gumawa ng pagsisiyasat sa kabuhayan ni Andres Bonifacio at sa ulat niya na sinasabing si Andres Bonifacio ang dapat kilalaning Ama ng Demokrasya at ng Himagsikan sa Pilipinas ay doon ibinatay at isinalig ng pamahalaan ang pagkilala sa kadakilaan ng nagtatag ng Katipunan. Noong ika-3 ng Setyembre ng 1911 ay ginawa ang pagpapatayo sa monumento Balintawak at pagkaraan ng siyam na taon, o dili kaya’y noong ika-30 ng Nobyembre ng 1920 ay iniharap naman ng noo’y senador Lope K. Santos ang kautusang nagtatadhanang maging pistang pangilin ang kaarawan ni Bonifacio. Napagtibay ang nasabing panuknlang batas at mula noong ika-30 ng Nobyembre ng 1921 ay naging pistang pangilin ang kaarawan ni Bonifacio, sa bisa ng batas blg. 2946.

Ang buong biograpiya ni Andres Bonifacio ay itinuturo ngayon sa mga paaralang bayan mula noong 1928, sa pamamagitan ng aklat na PHILIPPINE PROSE AND POETRY na sadyang inihanda ng Kawanihan ng Pagtuturo at ginagamit ng mga nasa unang taon sa high school. Sa mahahalagang akda naman na nauukol sa kanyang buhay ay kabilang ang kina Gg. Manuel Artigas y Cuerva sa kastila, Epifanio de los Santos Cristobal sa kastila at ingles, Hermenegildo Cruz sa tagalog, Jesus Castro Olega sa tagalog at Aguedo Cagingin sa ingles. Si G. Remigio Mat. Castro ay siyang nagsapelikula ng buhay ni Andres Bonifacio, at si G. Antonio K. Abad ay may inihandang dulang nauukol sa buhay ni Bonifacio na isasapelikula rin.

Ang mga makata sa wikang tagalog ay slyang nakapagsuob ng lalong mababangong kamanyang ng papuri at paghanga kay Bonifacio. Sa ingles ay Sina Mauro Mendez, Juan F. Salazar at iba pa. Sa kastila ay namumukod ang kina Don Fernando Ma. Guerrero at Manuel Bernabe, lalo na ang kay Cecilio Apostol na natatapos sa mga talatang:

“Por los claros timbres de tu ejecutoria
los humildes granos de mi incienso quemo.
Por ti nuestra Patria hoy vive en la Historia.

Resplenda en su nombre por siempre la gloria,
Plebeyo Patricio, Caudillo Supremo.”

At sa kasaysayan ay talagang hindi na maaaring makatkat ang pangalan ni Andres Bonifacio. Hindi lamang siya ang kinikilalang pangunang bayani ng himagsikan sa Pilipinas kundi maging ang mga kasulatang nauukol at may kinalaman sa kanya ay siya pa ring nangunguna, alinsunod sa isang pagsusuring inilathala ni Dr. José P. Bantug sa bilang ng *La Opinion* noong ika-22 ng Marso ng 1930, na ang akta sa Teheros noong ika-23 ng Marso ng 1897, ang akta sa Naik, walang petsa, at ang Dekalogo ni Bonifacio, ay siyang mga panguna sa talaan ng sampung lalong mahahalagang kasulatan ng Himagsikan, mga palagay itong ibinatay niya sa kurokuro nina heneral Artemio Ricarte Vibora, Emilio Aguinaldo at Cecilio Apostol hiningan ng talaan ng kung alin-alin ang sampung lalong mahahalagang kasulatan ng Himagsikan sa Pilipinas.

Bukod sa mga karangalang iyan na iniuukol sa kadakilaan ni Andres Bonifacio ay maidaragdag pa ang sumusunod: dalawang malalaking paaralang bayan, isa sa Maynila at isa sa Gerona, Tarlak; ang isang samahan na tinatawag ngayong “Caballeros de Andres Bonifacio de Filipinas”, ang “Bonifacio Institute”, ang posporong may tatak na “Andres Bonifacio” ng Philippine Match Co. Ltd., at isang malaking balangay ng kapatirang Palihan ng Bayan na nagtataglay rin ng pangalan ni Andres Bonifacio. Sa mga nayon naman o “barrio” ay maibibilang ang sa Unisan, Tayabas, ang nasa San Joaquin, Iloilo, ang nasa San Jose, Nuweba Esiha at ang nasa Baras, Rizal. Sa mga sitio naman ay ang nasa nayon ng La Granja, bayan ng La Carlota, Occidental Negros at ang nasa nayon ng Tayug, bayan ng Tayug, Pangasinan. Mula naman noong 1923, ang ika-24 baytang ng mga Hiwaga ng Ktt. Kap. ng mga Alagad ni Dimas-Alang (G. O. C. D. A.) na natatag sa Pilipinas at lumalaganap hanggang sa Amerika at sa iba’t ibang dako sa Dulong Silangan, ay tinatawag na baytang ng mga “KAWAL NI BONIFACIO”, ayon sa Ritual na sinulat ni G. Julian C. Balmaseda.

May Paniwala ang Lupong Tagasiyasat na kay Andres Bonifacio nga ang mga Butong Natuklasa't Nahukay

Na, ang mga butong iniingatan ngayon sa Museong Pambansa ay mga butong tunay ni Andres Bonifacio, ay siyang pinatitibayan ng ulat na iniharap ng Lupong Nagsiyasat. Narito:

Maynila, ika-31 ng Marso, 1926.

Kgg. Manuel Roxas,
Espiker,
Kapuluan ng mga Kinatawan.
Maynila.

Minamahal kong Espiker:

Ipinagkakapuri kong ipadala sa inyo ang ulat ukol sa naging wakas ng tungkuling, sa Pamamagitan ng liham na ipinadala ninyo sa akin noong ika-2 ng Enero ng 1926, ay napaatang sa aking balikat. Sa nasabing ulat ay kasama na rin ang lahat ng nangyari na, sa inyong tagubili't utos, ay inilipat sa aking kamay ni G. Jose G. Generoso.

Ipinabibigay-alam ko sa inyo ang pinakaubod ng mga ulat na ito ay hindi pa napapagtalunan nitong nakalagda, ng mga kagawad ng Lupong Pambansa at ng mga kagawad ng Kapisanan ng mga Beteranos ng Himagsikan, at dahil diya'y inilakip ko na rin dito ang ilang sipi upang lipat sa nasabing lupon upang pagtalunan at pagpasyahan, sakaling ipinalalagay ninyong iya'y kinakailangan. Dahil sa kahalagahang pambansa ng suliraning ito, kung kaya

binubuo ko ang aking huling pasya sa tulong ng isang pagsisiyasat na tuwiran at sarilinan, na ang kabuuan nito, ayon sa sumusulat, ay siya nang pangwakas.

Buong pitagang sumasainyo,

EPIFANIO DE LOS SANTOS
Direktor
Philippine Library and Museum

Sa kasunod ay matutunghayan, ang isa pang ulat ni G. Epifanio de los Santos na ipinadala sa Espiker Roxas, bilang karagdagan sa unang ulat na ipinadala niya, at may petsa noong ika-26 ng Nobyembre ng 1926.

Kgg. Manuel Roxas,
Espiker ng Kapulungan ng mga Kinatawan.

Ginoo:

Bilang pagtupad sa tungkuling iniatas sa akin ng inyong liham noong ika-2 ng Enero, 1926, ay malugod kong ipinagbibigay-alam sa inyo ang sumusunod:

Ang yumaong si Hral. Riego de Dios, si Koronel Makapagal at si G. Cajulis, sa panig ng “Asociacion de Veteranos de la Revolucion,” at si Hral. Pantaleon Garcia at ang nakalagda, sa ngalan ng Lupong Pambansa, ay nagsitungo sa pook na pinaghukayan ng mga buto ng yumaong ANDRES BONIFACIO. Sang-ayon kay G. Makapagal, ang pook na yao’y di siyang pook na pinagbarilan kay Andres Bonifacio, kaya’t ang mga butong natuklasan ay di siyang mga tunay nitong buto... Sa turo niya, ang lupon nami’y nagpatuloy ng lakad, nagdaan sa lansangang hayag, tumigil sa paanan ng isang bundukin, at ang bahagi nitong nasasaka ay siyang itinuro ni Makapagal na umano’y pook na pinagpatayan sa magkapatid na Andres at Procopio. Pagkatapos nito, ang mga kagawad ng pulutong namin ay nagbalik na sa Marigundong, at matangi kay

Heneral Riego de Dios, ang iba'y lumulan na sa tren sa Naik patungong Maynila.

Nang maragdagan pa sa Maynila ang mga pagsisiyasat na ito, at matapos maihambing sa mga nagawa na ng lupon noong 1918 at sa ilang mga pangyayari sa kasaysayan, ang nakalagda ay nanatili sa paniniwalang ang mga butong nahukay noong 1918 ay siya ngang tunay na mga buto ni Andres Bonifacio. Ang paniniwala kong ito'y naipahayag ko na sa pakikipagpulong sa Lupung-Pambansa. Pinatitibayan ang paniniwala kong ito ng mga sumusunod na pasubali at mga pangyayari.


Ayon kay Makapagal, siya't ang kanyang pulutong na binubuo ng apat na kawal na di niya alam ang mga pangalan at ngayo'y nangamatay na, ayon sa kanya, ay siyang tanging nangakababatid at nangakapakialam sa pagkapatay at paglilibing kay Andres Bonifacio. Nguni't nang ituro niya ang pook na pinagbarilan noong ika-10 ng Enero ng 1926, ang una niyang pahayag sa nakalagda noong ika-25 ng Setyembre ng 1925, ay kanyang binago at sinabi pang ang inaakala niyang bundok ng Tala ay bundukin pala ng Lagundi. At, bagama't ang pook na ito'y natatamnan ng tubo, ito raw ay di nasasaka noong Mayo ng 1897. At sapagka't ang hukay ay gawa lamang ng mga gulok at bayoneta, at ang bangkay ay nabaon nang bahagya na sa lupa, tinitiyak niyang ang pangdungkal ng araro, ang mga babuy-damo, ang aso o ang agos ng tubig ang siyang tumangay, sa bangkay o sa kalansay. Nguni, ang may-ari ng lupa na si Marcelo Angeles Hinahon, may gulang nang 21 taon nang 1897, ay walang kamalayan sa bagay na ito, ni walang ano mang kasaysayang nababatid niyang nangyari sa mga pook na paligid, gayong alinsunod sa aking pagkabatid, ang pook na ito'y maraming panahon nang nasasaka at sa paligid-ligid ay matagal nang maraming bahay na natatayo. Maging ang yumaong si Hen. Riego de Dios, taga Marigundong, ay wala ring malay sa iniuulat na ito ni Makapagal, at nakapagtataakang lubha ang kawalang ito ng sali't-saling salita man lamang, kung aalagataing ukol pa naman sa isang tanyag at bantog na taong tulad ni Andres Bonifacio. At sapagka't si Makapagal, dahil sa kanyang pagmamadali na udyok ng mga pangyayari, at ang kanyang mga kawal ay tumupad agad

sa atas sa kanila, at pagkatapos ay di na nabalik sa pook na yaon sa loob ng 27 taon, kaya di na maaari ngayong matiyak pa ang pook na pinangyarihan hanggang sa kaliit-liitang sulok. Ang malamang na nangyari, si Makapagal na di matatawarang may mabuting kalooban, dahil sa kanyang pagkalimang ay naipagkamali ang pook sa talagang tunay na pinagpatayan, pagkalimang na sukat nang asahan dahil sa katagalan na ng panahong nagdaan, at ng mga maligalig na pangyayaring nag-hahari noon at ang pagkakawangki-wangki ng mga pook na itong bulubundukin, ng isang tanawing likas na pabagu-bago, gawa ng kamay ng tao.

Sa kabilang dako, ang paniniwala kong ang mga labing itong aking binanggit ay siyang tunay, ay nasasalig sa mga sumusunod na pangyayari.

Si Guillermo Masangkay na lubhang malapit kay Andres Bonifacio, ay nagpahayag na ang utusang si Goryo ni D. Andres na kailan man ay di nahihwalay sa kanyang panginoon, ay siyang naglibing sa bangkay nitong iniwan ng nagsipatay sa kanya at siyang nagturo ng pook na pinaglibingan noong 1898. Nagbalik si Masangkay sa pook na ito noong 1914 na ang hangad ay hukayin ang mga labing natagpuan na niya sa pamamagitan ni Goryo, at nang 1918 ay naging kagawad siya ng Lupong siyang humukay. Nagdagdag pa ng ilan pangyayari si Masangkay na nagpapatibay nito sa kanyang pahayag sa “El Debate” noong ika-29 ng Nobyembre, 1925.

Sa pagsisiyasat na ginawa ng Lupon noong 1918, ay nagsalaysay, bukod sa ibang mga saksi, si Tomas Zapalla, isa sa mga nagsihukay at bantay sa pook na yaong pinagpatayan at pinaglibingan kay Bonifacio, at bukod sa hindi na siya umalis sa pook na yaon ay kinilala pa niyang ang lugal na nabanggit ay siya ngang pook at ang mga labi ay siyang tanging nalibing doon. Nagsipagsalaysay rin ang may-ari ng lupang si Jose Reyes, ang pari sa Marigundong na si P. Dumandan, na sa kusang kahilingan at sapagka’t siya ang pumatnubay hanggang mga huling sandali, kaya’t nabatid niyang lahat at ang kapatid na babae ni Andres Bonifacio, na si Espiridiona Bonifacio na nagpatotoo sa sinabi



Si G. Guillermo Masangkay, malapit kay Andres Bonifacio at ang bayaning Geronimo Cristobal na binaril ng mga kastila.

ni Zapalla at siya ring nagpatunay ng pook at kumilala na siya ngang tunay na buto ang nahukay. At mayroon pa, si Domingo Lapaz, may 75 taong gulang, na siyang sumasaka ng lupang kanugnog ng pinaglibingan, ay bumabanggit ng mga pangyayaring nawawangki sa mga binanggit ni G. Makapagal sa nakalagda, at si Lapaz ay isang saksing lubhang mahalaga, sapagka't maluwat ding naglingkod kay Andres Bonifacio at nakababatid ng mga hirap na binata ni Andres mula sa kanyang pagkadakip hanggang sa siya'y patayin. Tunay ngang di siya naging saksi sa paghukay ng mga buto, nguni't dinadalaw niya, kungdi man araw-araw, minsan o makalawa sa isang linggo, ang kanyang lupa na kanugnog ng pook na pinaglibingan.

Sinamahan ni Lapaz ang pulutong ng mga kagawad ng Lupong Pambansa at ng Samahan ng mga Beterano ng Himagsikan. Dahil

sa kanyang katandaan na at sa halos panglalabo na ng mga mata ngayon, at sapagka't ang puno ng alibangbang na nakayungyong sa pinagbaunan ng mga labi ni Andres Bonifacio at ang mga tuod ng kawayan ay nangawala na, kaya di nakuhang ituro ang tiyak na pook na pinaglibingan nila ng kanyang mga kasamang Rufino at Gerardo, mga kasama ring nangamatay na ng may-ari ng lupang pinaglibingan kay A. Bonifacio; nguni, humigit-kumulang ay tiniyak na ang kanyang tinutuntungan ay siyang pook na pinaglibingan niya't ng kanyang mga kasama sa bangkay ng Supremo ng Katipunan isang pook na kailan man ay di pa nabubungkal. Ang labis niyang pagkatalos sa pook—anya—at kahit sa hipo man lamang, ang sa kanya'y nagdudulot ng kasiguruhan. Kaya't ang dugtong pang saad sa nakalagda, nang ang Heneral Riego de Dios, mga ilang araw pa bago dumating ang magkalakip na Lupon, ay nagtungo sa pook ding yaong kasama ng dalawa pang tao upang siyasatin at itanong sa kanya kung bakit, gayong di naman niya nakita ang pagpapahukay ay natiyak niya ang pook na pinaghukayan, ay sumagot siyang yaon nga ang mga buto; isinagot niya sa Heneral ang ganito: “Ang sino ma’y maaaring mag-alinlangan sa aking mga sinasabi; ngunit, wala akong alinlangang ang mga butong ito’y siyang tunay. Diyos ko—ang para pang naghihinagpis na sinaliwan ng buntung-hininga—sa hipo man lamang ay mapaguunawang ito na nga!”

Ang kailangan ngayo’y ang linawin kung ang mga butong hinukay noong 1918 ay siyang mga tunay na kay Andres Bonifacio. Nang ang mga buto’y pag-ugpung-ugpungin nina Doktor Sixto de los Angeles at Fidel Cuajunco, isang malaking bahagi ng kanilang ulat ay naangkop sa ilang mahalagang pahayag ng kapatid na babae ni Andres Bonifacio. At kung idaragdag pa ritong ang may-ari ng lupa, ang kanyang katiwala at lahat ng lumahok sa pagsisiyasat na ginawa noong 1918 at 1925, ay nagkakaisa halos sa pagsasabing siya ngang mga tunay na buto, mapag-aalinlanganan pa kaya ang katotohanang ito?

Dahil sa mga matuwid na ito at sa iba pang mga unang pangyayaring may uring makasaysayan, ang nakalagda’y naniniwalang si Andres Bonifacio ay pinatay nang umaga ng

ika-10 ng Mayo ng 1897, na ang mga butong nasa pag-iingat ngayon ng mga Lehiyonaryo ay siyang tunay. Nguni't maaari ring idagdag na ang mga butong ito'y tila napabayaan sa Presidensiya ng Marigundong, ayon sa pahayag sa nakalagda ng kasalukuyang Pangulo ng bayang yaon, G. Florentino de Guia, at maliban kung sa nabanggit nang presidensya at mula nang ilipat ang mga buto sa Maynila hangga ngayon, ay napalitan na, ang mga butong ito'y dapat ipasyang siya ngang tunay na kay Bonifacio.

Gumagalang,

EPIFANIO DE LOS SANTOS
Direktor,
Philippine Library and Museum



Augusto V. de Viana obtained his Bachelor of Arts in Asian Studies, Master of Arts in History *cum laude* and Doctor of Philosophy *magna cum laude* from the University of Santo Tomas. Before joining the university as a full-time faculty member, Dr. de Viana was a public school teacher at the Eulogio “Amang” Rodriguez Vocational High School from 1984 to 1993 before transferring to the

National Historical Institute (now the National Historical Commission of the Philippines) where he rose from the rank of History Researcher to Chief of its Research, Publications, and Heraldry Division. In 2015, the City of Manila recognized Dr. de Viana as Patnugot ng Sining during its 444th Foundation Day.

Dr. de Viana has authored various books on Philippine History among which are *Fifty Years of Philippine Independence*, *Stories from the Other Side and Other Narratives*, *Stories Rarely Told* (Vols. 1–2), *Kulaboretor!*, *Halo-Halo*, *Hardware and Others*, and the *I-Stories*. He has written textbooks on Philippine history and on the life and works of Jose Rizal, among which are *The Philippines Story of the Nation* and *Laon-Laan*. He also contributed articles on history which were published in various local and international journals.

MGA SINASABI NILA UKOL KAY
JOSE P. SANTOS

Your scholarly comment on the joint work of Russel and Rodriguez on THE HERO OF THE FILIPINOS clearly shows that you have done a great deal of research work and speaks highly for the thorough manner in which you have handled your subject. Flattery aside, the Philippines needs more men like you.

JUAN COLLAS
Editorial Staff
The Philippines Free Press

Jose P Santos, este es el hijo, el primogenito del sabio historiador D. Epifanio de los Santos Cristobal que viene publicando libros y folletos que, reunidos, harian la historia de un pueblo, de una raza, de una patria. Pepe Santos ha heredado de su ilustre padre todos los meritos para hacer que el pueblo filipino se conozca a si mismo por medio de sus martires y sus heroes. Es muy joven aun, y la patria espera de su pluma mas sozanada cosecha.

EL DEBATE
Agosto 4, 1935

As he saw in his eldest son, Jose P Santos, an intense desire to study the lives and exploits of Andres Bonifacio, Emilio Jacinto, and other heroes of the revolution, he left him all the documents pertaining to those leaders which now form the nucleus of the great revolutionary collection and library of Pepe Santos. (EPIFANIO DE LOS SANTOS—HIS COLLECTION AND LIBRARY, The Sunday Tribune Magazine, Nov. 23, 1930)

Sa mga autobiografia, mga tala at iba pang mga ulat ng himagsikan, maaaring sabihin natin ng walang pag-aalinlangan na walang kapantay ngayon ang koleksiyon ni Pepe Santos. Isang kapurihan din ni Pepe Santos na siya lamang ang tanging nag-iingat ngayon sa buong daigdig ng mga orihinal na dokumento o ng maraming sulat kamay nina Andres Bonifacio at Emilio Jacinto, na wala sinoman at hindi makakita maging saan man, at ukol kay Ricarte ay siya naman ang pinaka-marami. (SA PAGKAKAISA, ngayo'y MABUHAY, Pebrero 15, 1931)



NHCP
100
Patuloy sa Pagtuklas

DEKADA NG
KASAYSAYAN NG
PILIPINAS
2023 • 2033